EMERHENSYA

Hulyo 10, 2023

# IMPORMASYON SA PAGLIKAS

Director of Moriyama Ward
Chief of Moriyama Police Station
Commisioner of Moriyama Fire Station

May natagpuang nagmintis na bomba (250kg type) sa Obata Minami 3 Chome Moriyama-ku, noong Hunyo 22 (huwebes) 11:00 ng umaga.

Samakatuwid, isasagawa ng Ground Self Defense Force ang operasyon sa pagtanggal ng bomba mula Hulyo 30 (linggo) 10:00 ng umaga hanggang sa matapos.

Tungkol sa operasyon, kung sakaling magkaroon ng pagsabog, magtatakda kami ng isang evacuation area (gaya ng makikita sa likurang bahagi) at ganap na haharangin ang lugar. Para sa mga residente ng evacuation sites, humihingi kami ng paumanhin para sa abala, ngunit mangyaring **siguraduhin na umalis sa evacuation area at lumikas bago ang 9:30 ng umaga**. Hinihiling namin ang inyong pang-unawa at kooperasyon. Gayundin, pakitandaan na hindi kayo maaaring pumasok sa evacuation area sa panahon ng operasyon para sa anumang dahilan.

May posibilidad rin na matapos sa gabi ang nasabing oeprasyon.

Bubuksan ang mga evacuation sites sa mga sumusunod na lokasyon, **ngunit maaari ding pumunta kahit saan basta't nasa labas ng evacuation area** .

Detalye

Evacuation Sites

Naeshiro Elementary School 苗代小学校(10-6, Naeshiro 2 Chome, Moriyama-ku)
Naeshiro Community Center 苗代コミュニティセンター
(19-12, 1 Obata Minami 1 Chome, Moriyama-ku)
Moriyama Higashi Junior High School 守山東中学校
(7-3, Obata 5 Chome, Moriyama-ku)

※Ang lahat ng tatlong lokasyon ay bukas bilang mga evacuation site mula 8:30 ng umaga hanggang sa ideklara ang safety declaration.

〔Tandaan〕

1 Kapag lumikas, mangyaring mag-ingat ng husto sa pagsasara ng pinto at sa pagmumulan ng apoy.
2 Huwag gumamit ng sasakyan papunta sa evacuation sites.
3 Kung gagamit ng sasakyan sa paglikas, may posibilidad na magkaroon ng traffic, kaya mangyaring lumikas sa lalong madaling panahon.
4 Sa sandaling matapos ang operasyon, ang pagkansela ng paglikas ay iaanunsyo sa Nagoya official website, broadcast sa radyo, advertising vehicle atbp.
5 Sa evacuation sites, hindi maaaring gumamit ng aircon atbp. Wala ring ipapamigay na pagkain at inumin. Mangyaring paghandaan ito ng bawat isa.
6 Kung may mga matatanda na naninirahang mag-isa o may mga taong may kapansanan na naninirahan sa kapitbahayan, mangyaring makipag-usap sa isa't isa at magtulungan upang lumikas.
7 Ang kaganapan ay gaganapin kahit na masama ang panahon, ngunit kung hindi ito maisagawa sa itinakdang araw dahil sa antas ng kalamidad gaya ng malakas na ulan, atbp. ay magtatakda kami ng backup date na Agosto 6 (linggo).

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

| Residente | Negosyante |
|---|---|
| Community Cooperation Office Tel:052-796-4523 | General Affairs Division Tel:052-796-4511 |

Nagoya Official Website (with AI Translation)


Nagoya Oshiete Dial (Nihongo Only)

**Maaaring kontakin ang 「Nagoya Official Website」 at 「Nagoya Oshiete Dial（Tel:953-7584）」 para alamin ang sitwasyon ng operasyon.**

＊　＊　＊　＊　＊

Mga Evacuation Area

Obata Minami 2 Chome
Obata Minami 3 Chome
Otani Cho




出典：株式会社ゼンリン　この地図は株式会社ゼンリンの地図データをもとに守山区役所が作成